
1

# MUSIC

## Ikalawang Markahan Modyul 5:
## Tayo'y Umawit



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Tayo'y Umawit**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Arlene R. Mendita
**Editor:** Jaima J. Pineda, Jean Rarama
**Tagasuri:** Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez, Denis M. Agbayani, Amador C. Cabalonga
**Tagaguhit:** Arlene R. Mendita
**Tagalapat:** Arlene R. Mendita, Katherine Obrero Cordora, Patson P.Opido
**Tagapamahala:** Benjamin D.Paragas
Jessie L. Amin
Octavio V. Cabasag
Rizalino G. Caronan
Denis M. Agbayani
Romel B. Costales
Rodrigo V. Pascua
Amador C. Cabalonga
Maria Cristina A. Acosta
Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Music

## Ikalawang Markahan – Modyul 5:

## Tayo'y Umawit

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Ang modyul na ito ay naihanda upang suriin ang pag-unlad pangmusikang bata bunga ng aktibong paglahok sa mga kaalamang pangmusika nanakapaloob sa modyul 5. Magampanan ang mga awit na may kaalamankung kailan magsisimula, hihinto, uulitin at magwawakas ang isang awit.

Pagkatapos ng mga kasanayan sa modyul na ito, inaasahang:


- Maisagawa ang mga awit ng may kaalaman kung kailan magsisimula, hihinto, uulit o magwawakas ang awit. (Q2/Wks6-8-MU1FO- 11f-3)



## *Subukin*

**<u>Gawain 1</u>**

Awitin ang “Bahay Kubo”.



**“Bahay Kubo”**

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon ay sari-sari.
Singkamas at talong, sigarilyas at mani,
Sitaw, bataw, patani,
Kundol, patola, upo’t kalabasa,
At saka meron pang labanos, mustasa,
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
<u>Sa paligid-ligid ay puno ng linga</u>.
(*Ulitin ang linyang may guhit*)

Isulat sa sagutang papel ang hinihinging linya ng awit.

1. Simulang linya

2. Inuulit na linya


3. Wakas na linya




## *Balikan*

Sa nakalipas na aralin napag-aralan mo na ang anyo ng musikaay may umpisa, wakas at inuuulit na bahagi.

Suriin ang mga sumusunod na linya ng awit.


Ikampay ang dalawang kamay kung ang linya ay nasa simula


Ipadyak ang paa kung ang linya ng awit aywakas.


Ipalakpak ang mga kamay kung ito ay inuulit.


1. Twinkle, twinkle, little star!
2. "Ti-ti-la-ok!", sabi ng manok.
   "Gising, gising!" batang tulog.
3. How I wonder what you are?

Aralin 1

# Tayo'y Umawit



## *Tuklasin*



"**Bahay Kubo**"

Bahay kubo kahit munti
Ang halaman doon ay sari-sari
Singkamas at talong, sigarilyas at mani
Sitaw, bataw, patani
Kundol, patola, upo't kalabasa
At saka meron pang labanos, mustasa
Sibuyas, kamatis, bawang at luya
<u>Sa paligid-ligid ay puno ng linga.</u>
*(Ulitin ang linyang may guhit)*

Sagutan ang mga tanong sa ibaba. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng awit? ________________________
2. Ano ang simula ng awit? _________________________
3. Ano ang wakas ng awit? _________________________
4. Ano ang linyang naulit? ________________________
5. Ilang linya mayroon ang awit? ___________________

## *Suriin*

Sa sagutang papel, isulat ang simulang linya at linyang inulit sa awiting “Bahay-Kubo”.

Ang lahat ng ating ginagawa ay may simula at wakas. Katulad ng isang awit ito ay laging may simula. Ito ay makikita sa unang linya ng awit. Ito rin ay may wakas na makikita sa huling linya ng awit. Minsan may mga awit na may bahaging inuulit na maaaring matagpuan sa simula o sa wakas ng awitin. Kailangang malaman ito upang maging maayos ang pag-awit.

# *Pagyamanin*

Narito ang mga iba't ibang kasanayan upang lubos mong maunawaan angaralin.

**Gawain 1**

Awitin.



**"Kung Ikaw ay Masaya"**

Linya 1 Kung ikaw ay masaya tumawa ka (ha,ha) (ulitin)

Linya 2 Kung ikaw ay masaya buhay mo ay sisigla

Linya 3 Kung ikaw ay masaya tumawa ka.(ha,ha)

(Ulitin ang awit at palitan ang aksiyon.)

- Pumalakpak
- Kumembot
- Pumadyak

Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong linya ang naulit?
   a. Linya 1
   b. Linya 2
   c. Linya 3
2. Saan aawitin ang “kung ikaw ay masaya, buhay mo ay sisigla”?
   a. Linya 1
   b. Linya 2
   c. Linya 3
3. Anong mga linya ang magkapareho?
   a. Linya 1 at 2
   b. Linya 2 at 3
   c. Linya 1 at 3
4. Anong kilos ng katawan ang unang isinagawa?
   a. Pumalakpak
   b. Pumadyak
   c. Tumawa
5. Anong kilos ang isinagawa sa pagwawakas ng awit?
   a. Kumembot
   b. Pumadyak
   c. Pumalakpak



## Gawain 2

Awitin ang “Si Ganda” sa tono ng Bingo.

**Si Ganda**
(Melodi:Bingo)

Ni: Arlene R. Mendita

Linya 1 Ako’y may alagang aso
Linya 2 Ganda ang pangalan
Linya 3 ***G-A-N-D-A*** (Ulitin nang tatlong beses)
Linya 4 *At Ganda ang pangalan*.

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha  kung tama ang pangungusap. Iguhit naman ang malungkot na mukha  kung mali ang pangungusap.

__________1. Sa umpisa ng awit ay binanggit ang *alagang aso*.
__________2. Tatlong beses inulit ulit ang linya 3.


__________3. Tanya ang pangalan ng aso.

__________4. May apat na linya ang awit.

__________5. Sa pagtatapos ng awit muling binanggit ang pangalan ng aso.

**Gawain 3**

Awitin.



**"Paa, Tuhod"**

Paa,tuhod, balikat ulo
Paa, tuhod, balikat ulo
Paa, tuhod, balikat ulo
Magpalakpakan tayo.

Base sa awiting "Paa, Tuhod, Balikat, Ulo", sagutin ang tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Anong bahagi ng katawan ang binanggit ng paulit ulit?

2. Anong bahagi ng katawan ang igagalaw sa wakas ng awit?

3. Anong bahagi ng katawan ang unang binanggit saumpisa ng awit?

## *Isaisip*:

Lahat ng awit ay may simula at wakas. Ngunit hindi lahat ng awit ay may bahaging inuulit. Sa pag-awit, mahalagang malaman ang mgalinyang ito upang maging maayos ang pag-awit.

## *Isagawa*

Pumili ng dalawang awitin na nakalista sa ibaba. Awitin ang napiling awit habang itinataas ang mga kamay upang ipakita ang simula ang awit. Pumalakpak naman sa bahaging inuulit at yumuko sa pagtataposng awit. Ang mga kasama sa inyong tahanan ang manonood sa iyo.

1. Ti-ti-la-ok
2. Leron-Leron Sinta
3. GANDA
4. Paa, Tuhod, Balikat, Ulo



## *Tayahin*

Panuto: Sa tulong ng magulang o kapatid, lagyan ng bituin (☆) ang tapat ng kahon kung nagawa mo ang mga inaasahang pagpapakita ng kakayahan at buwan (☾) kung hindi. Gawin ito sa sagutang papel.

| Kaalaman | Nagawa | Hindi Nagawa |
|---|---|---|
| 1. Naawit ko nang wasto mula sa umpisa ang mga awit. | | |
| 2. Nakilala ko ang mga inuulit na bahagi ng awit at kung kailan itotumigil. | | |
| 3. Nakapagsagawa ako ng guhit tungkol sa mga awit. | | |
| 4. Naipakita ko ang kasiyahan sa pag-awit. | | |
| 5. Nasunod ko ang mga panuto at nagawa ko ng mahusay ang mgagawain. | | |

## *Karagdagang Gawain*

Awitin nang paulit-ulit ang mga natutunang awit.

## *Susi sa Pagwawasto*

Subukin

1.Bahay kubo kahit munti
2.Sa paligid-ligid ay puno
ng linga
3.Sa paligid-ligid ay puno
ng linga

4.c
5.b

Balikan
1.ikampay
2.ipalakpak
3.ipadyak

Tuklasin
1.Bahay Kubo
2.Bahay Kubo kahit munti
3.Sa paligid-ligid ay puno
ng linga
4.Sa paligid-ligid ay puno
ng linga
5.8

Suriin

| |
|---|
| Bahay Kubo<br>Sa paligid-ligid ay puno<br>Ng linga<br><br>(At guhit ng mga bata) |

Gawain 1
1.a
2.b
3.c

Gawain 2
1.☺
2.☺
3.☹
4.☺
5.☺

Gawain 3
1.Paa Tuhod
Balikat Ulo
2.Kamay
3.Paa

## *Sanggunian*

K to 12 Teacher's Guide in Music and Arts Grade 1: Department of Education. 2012.
K to 12 Learner's Materials in Music and Arts Grade 1Music Teachers' Guide:
Department of Education. 2015
Revised MELC for Music Grade 1 :Department of Education. 2012.

"Bahay Kubo" .https://youtu.be/4EY4Gc0poMw
"Kung Ikaw ay Masaya"..https://youtu.be/ld8b7LhoQB4
'Paa, Tuhod". https://youtu.be/UC4SvPjRjRo
"Si Ganda" (melodi:Bingo). https://youtu.be/0IvC6fZYGMM

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph